# Mga Pagbabago sa Proseso ng Apela sa 2022-2023

(Panukalang-Batas sa Senado 188, Kabanata 49, Mga Kautusan ng 2022)

## Bakit Ginawa ang mga Pagbabago?

Ayon sa mga kliyente, pamilya, at tagapagtaguyod ng regional center, ang proseso ng pagreresolba ng mga hindi pagkakasundo sa mga regional center ay mahirap, hindi madaling maunawaan, at nakakatakot, lalo na kapag ang hindi karaniwan o hindi katanggap-tanggap sa kultura ang pagkuwestyon sa awtoridad. Gusto nila ng ligtas na lugar na mapupuntahan upang matulungan silang magresolba ng mga hindi pagkakasundo sa mga regional center tungkol sa mga pagiging hindi karapat-dapat at mga desisyon sa serbisyo. Sinabi rin ng maraming pamilya na ang kanilang legal na representasyon sa panahon ng proseso ay hindi katumbas ng representasyon para sa mga regional center, at na wala silang oras o mga mapagkukunang pinansyal para iapela ang desisyon ng regional center.

## Ano ang Nagbago?

Ang mga batas tungkol sa proseso ng apela ay binago upang gawing mas madali ang proseso. Ang panghuli sa mga pagbabago ay nagsimula noong Marso 1, 2023. Kabilang sa mga pagbabago ang:

- Dapat isaalang-alang ng team sa Pang-indibidwal na Plano ng Programa (Individual Program Plan, IPP) at ng mga tagapagpasya sa mga regional center ang iyong mga pangangailangan para sa mga serbisyo, ang iyong mga problema sa pagkuha ng mga serbisyo, at anumang iba pang bagay na nais mong malaman nila.
- Kung hindi kayo magkasundo ng regional center, padadalhan ka ng Paunawa ng Pagkilos (Notice of Action), na kilala rin bilang NOA. Ang isang kasunduan ay nangangahulugan na pumirma ka sa IPP, listahan ng mga serbisyo o iba pa na kasama ang hindi pagkakasundo. Kung naniniwala ang regional center na sumang-ayon ka, magpapadala sila ng sulat na "Good Faith Belief Letter" ("Liham ng Paniniwala ng Mabuting Layunin") na nagsasaad nito.
- Lumikha ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS) ng bagong website para sa proseso ng apela, na nagbibigay ng impormasyon tungkol dito, at nagpapakita ng mga form at data tungkol sa proseso. Ang bagong pakete ng impormasyon sa website ay nagpapaliwanag ng buong proseso, kung paano gagawin ang mga bagay sa bawat bahagi ng proseso, at kung paano ka makakakuha ng tulong.
- Gumawa ang DDS ng bagong mga form sa proseso ng apela na maaaring punan online. Ang bagong form para sa paghiling ng apela ay nagpapahintulot sa iyo na pumili kung gusto mo ng hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan (mediation), o pagdinig. Maaari kang magbago ng isip sa susunod tungkol sa kung anong mga opsyon ang nais mong gamitin.
- Ang mga kahilingan sa pag-apela ay ipinadadala na ngayon sa DDS bago ito ipadala sa regional center na gumawa ng desisyon.

- Mayroon ka na ngayong 60 araw ng kalendaryo para mag-apela ng desisyon ng regional center, sa halip na 30 araw.
- Hindi maaaring magkaroon ang regional center ng abogado sa hindi pormal na pagpupulong na may tagapamagitan, o pagdinig maliban kung isa kang abogado, o mayroon kang kasamang abogado.
- Aaprubahan ang iyong unang kahilingan na mag-iskedyul muli ng iyong pagdinig sa iba pang petsa sa hinaharap.
- Dapat bigyan ka ng mga regional center ng pahayag tungkol sa kung anong pagkilos ang isinasagawa nila. Dapat kabilang sa pahayag ang dahilan para sa desisyon nito, ang batas, at ang mga dokumento tungkol dito.
- Kung mayroon kang mga propesyonal na pagtatasa o mga ulat na nauugnay sa iyong apela, dapat mong ibigay ang mga ito sa iyong regional center. Dapat ka ring magbigay ng listahan ng kung sino ang magsasalita sa pagdinig kasama mo.
- Dapat gawing kumportableng lugar para sa iyo ng mga opisyal sa pagdinig para magbahagi ng impormasyon at mailabas ang lahat ng katotohanan.
- Gumagawa na ngayon ang DDS ng mga panghuling desisyon sa pagdinig tungkol sa mga partikular na paksa.
- Maaari kang humiling ng muling pagsasaalang-alang ng panghuling desisyon sa pagdinig sa loob ng 15 araw ng kalendaryo kung sa tingin mo may legal, makatotohanan, o klerikal na pagkakamali sa desisyon.
- Dapat ipatupad ng mga regional center ang panghuling desisyon sa pagdinig sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula ng ibaba ang desisyon o itinamang desisyon. Kung hindi nila ipatutupad ito, maaari kang humiling sa DDS ng tulong.
- Sinimulan ng Opisina ng mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings) ang isang Komite sa Pagpapayo (Advisory Committee) upang magrekomenda ng maaaring mga pagpapahusay sa proseso ng pagdinig.

**Nasaan Na Tayo Ngayon?**

Patuloy na ginagawang mas madali ng DDS ang proseso ng apela para sa mga tagapagtaguyod ng sarili at mga pamilya. Kung mayroon kang feedback o mga ideya para sa iba pang mga pagbabago, mag-email sa appealsinput@dds.ca.gov